

Ang Mga Kailangang Malaman ng mga Bahay Sambahan Ukol sa Proseso ng FEMA sa Tulong sa Kalamidad



FEMA



U.S. Small Business Administration



Ang Unang Hakbang ay ang Pag-apply sa Utang na may Mababang-Interes mula sa U.S. Small Business Administration (SBA)

Ang mga Bahay Sambahan ay itinuturing bilang pribadong nonprofit na organisasyon na nagbibigay ng hindi kritikal, na mahalagang serbisyong panlipunan, tulad ng mga sentro sa komunidad at sa mga matatanda. Tungkayang ito ng mga nonprofits ay kailangang dumaan sa proseso ng pag-apply sa pangungutang sa Small Business Administration (SBA) Disaster Assistance program bago matukoy ng FEMA ang pagiging karapat-dapat para sa programa ng Public Assistance ng ahensya, na magbabayad sa mga gastos para sa mga hakbang sa proteksiyong pang-emerhensiya, pag-alis ng mga basura at pagkumpuni o muling pagtatayo ng mga nasirang ari-arian.

Ang mababang-interes ng pautang sa kalamidad ng SBA ay magbibigay ng hanggang \$2 milyon para sa nasirang ari-arian at ang pagkumpuni o pagpapalit ng ari-arian, tulad ng kagamitan, kasangkapan at iba pang nararapat na imbentaryo.

Habang hindi kinakailangang kumuha ng pautang ang isang Bahay Sambahan, hindi popondohan ng Public Assistance ang anumang kaugnay na permanenteng trabaho kung hindi tinanggihan o hindi nasakop ng buo ang mga permanenteng gastos sa trabaho ng aplikasyon sa pautang ng SBA.

Ang mga Organizasyon Panrelihiyon na nagbibigay ng “Critical Service” ay hindi kinakailangang dumaan sa SBA Process

Ang mga nonprofit na organisasyon na nagpapatakbo ng mga medikal at pang-edukasyon na pasilidad ay itinuturing na “critical services”. Ang tungkayang ito ng nonprofit ay maaaring makipagtulungan sa FEMA para sa isang potensyal na grant ng hindi muna nag-aaply sa SBA. Subalit, ito ay nararapat lamang sa mga pasilidad na nagbibigay ng “critical services”. Ang mga Bahay Sambahan ay kailangan pa ring mag-apply para sa isang pautang ng SBA para sa mga nasirang pasilidad na nagbibigay ng “noncritical services”.

Magpasa ng mga Insurance Claims sa Lalong Madaling Panahon

Hindi lahat ng mga Bahay Sambahan ay maaaring magkaroon ng seguro, ngunit ang mga mayroon ay kailangang magbigay ng dokumentation. Ayon sa batas, hindi maaring duplikahin ng FEMA ang mga benepisyo. Maaring masakop ng mga Federal grants ang walang seguro o ang mga pagkalugi na kulang sa seguro.

Hinihimok namin ang lahat na magdokumento at iseguro ang mga ari-arian at maging pamilyar sa kanilang polisa. Hindi lahat ng mga polisa ng seguro ay pare-pareho. Ang mga saklaw na halaga, deductibles, at mga limitasyon sa pagbabayad ay maaaring mag-iba ng malaki.

Proseso ng Aplikasyon

Pagkatapos aprubahan ang isang deklarasyon ng pederal na kalamidad, tumingin sa emergency management’s website ng iyong estado para sa iskedyul ng mga briefing ng aplikante na magbibigay ng pangkalahatang ideya ng programa ng Public Assistance.

Lahat ng mga Bahay Sambahan, kahit man nagbibigay ng kritikal o mahalagang mga serbisyong panlipunan, ay kailangang magbigay ng isang FEMA Request for Public Assistance sa Grants Portal, isang online recovery management tool, sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng deklarasyon ng presidente ng isang kalamidad. Ang anumang mga katanungan tungkol sa proseso ay maaring masagot ng iyong lokal at/o state emergency manager.

Kung nararapat, ang FEMA at ang estado ay magtutulungan sa isang Recovery Scoping Meeting upang malaman ang mababayarang mga pinsala.



Ang Mga Kailangan mong Ibigay

- Ebidensiya ng federal o state tax-exempt status o iba pang mga dokumento na nagsasaad ng pagiging nonprofit status, tulad ng bylaws o mga artikulo ng inkorporasyon.
- Ebidensiya ng inkorporasyon/charter/bylaws bago magkaroon ng kalamidad.
- Isang numero ng Data Universal Number Systems na itinatag ng gobyerno.
- Mga pansuportang dokumantasyon na nagtatatag ng pag-upa o pagmamay-ari ng gusali, patunay ng pagggamit, at patunay ng seguro.
- Kung mabibigyan ng eligibility, kailangang ibigay ang mga sumusunod: Isang listahan ng mga lugar na nasalanta; “bago at matapos” na mga litrato; at impormasyon tungkol sa mga makasaysayang mga istruktura.

Mga Bahay Sambahan: Paano Maghahanda

National Flood Insurance Program

Mahalagang malaman na ang NFIP ang unang linya ng depensa laban sa pagbaha. Ang homeowner at commercial property insurance policies ay karaniwang hindi kasama ang flood coverage ngunit ang mga Bahay Sambahan ay maaaring bumili ng commercial flood insurance policies sa pamamagitan ng National Flood Insurance Program (NFIP) o mga lokal na ahente ng seguro kung sila ay kasama sa isang kalahok na komunidad. TNakalista sa NFIP website ang mga kalahok na komunidad. Ang mga commercial flood insurance policies ay sumasakop sa hanggang \$500,000 ng mga nasirang istruktura at \$500,000 sa mga laman nito.

Ang mga polisang ito ay makukuha sa parehong high- at low-risk na lugar. Mahalagang tandaan na ang isang NFIP policy ay kailangang mabili ng hindi bababa sa 30 araw bago ang isang pangyayari upang makakuha ng claim pagkatapos.

Ang pagkuha sa mga pondong ito ay hindi nangangailangan ng isang deklarasyon ng pangulo ng kalamidad. Tinutukoy ng NFIP ang isang pagbaha bilang pangkalahatan at pansamantalang kundisyon ng bahagya o kumpletong pagbaha ng dalawa o higit pang ektarya ng karaniwang lugar ng tuyong lupa, o ng dalawa o higit pang mga ari-arian.

Idokumento ang Imbentaryo

Makakatulong na magkaroon ng **sang listahan ng imbentaryo ng ari-arian bago pa ang isang kalamidad**. Mapapadali nito ang pagpapalit ng mga nawala.

Maging Konektado

Sa iyong mga lokal na first responders at ahensiya ng pamamahalang emerhensiya, ang mga lokal na emergency managers ay maaaring magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga potensiyal na mga panganib sa iyong lugar, kasama na kung ang iyong simbahan ay nasa isang flood zone. Makakatulong ang mg first responders sa iyong pag-iisip sa pamamagitan ng pagbuo ng isang emergency operations plan.

Para sa Karagdagang Impormasyon Bumisita sa:
fema.gov/faith



FEMA